## *Paano maisagawa ang Shodai sa mga oras maliban sa morning at evening Gongyo*

1) Mag-chant ng tatlong beses at patunugin ang bell ng pitong beses.
2) Sambitin ang Part A.
3) Patunugin ang bell ng tatlong beses at sambitin lamang ang pamagat ng Juryo Chapter.
4) Sambitin ang Part C.
5) Patunugin ang bell ng pitong beses habang sinisimulan ang pag-chant ng Daimoku.
6) Mag-chant ng maraming Daimoku ayon sa nais mo.
7) Tapusin sa pamamagitan ng pagtunog ng bell ng liman beses habang pinapantig mo ang pagwakas na Daimoku.
8) Mag-chant ng tatlong beses.
9) Tahimik na basahin ang Second Silent Prayer.
10) Mag-chant ng tatlong beses.
11) Tahimik na basahin ang Third Silent Prayer.

※ 1 Mag-chant ng tatlong beses kung kinakailangan sa gitna ng bawat bahagi ng Third Silent Prayer.
※ 2 Isama ang panalangin para sa Kosen-rufu (at ang iyong personal na panalangin, kung naaangkop) sa pagtatapos ng huling bahagi ng Third Silent Prayer.

12) Mag-chant ng tatlong beses.
13) Tahimik na basahin ang ikalawang bahagi ng Fifth Silent Prayer.
14) Patunugin ang bell ng tatlong beses.
15) Mag-chant ng tatlong beses.

Sinabi ni Fifty-ninth High Priest, Nichiko Shonin, ang sumusunod na guidance:

"Ang Daimoku na ating sinasambit ay dapat isagawa nang mabuti at masigasig.
Kapag nag-chachant, hindi tayo dapat magkaroon ng mga bagay na
walang kabuluhan sa ating mga isipan .
Ang bilis ay hindi dapat maging napakabilis at ang ating pagbigkas ay hindi dapat mabagal.
Dapat nating panatilihin ang isang katamtaman na pitch at mag-chant ng
mahinahon, matatag at tuloy-tuloy.
Walang itinakdang bilang ng Daimoku na dapat nating bigkasin.
Ang dami ay nakadepende sa indibidwal na kalagayan. . .
Kapag tayo ay nag-chachant, ang ating buong katawan ay dapat makakaramdam ng
matinding kasiyahan.
Dapat tayong magtiyaga hanggang maging isa tayo sa Gohonzon.

(Nichiren Shoshu Koyo, p.134)